〈タガログ語〉

# Tungkol sa Medikal na Pagsusuri sa Paaralan para sa School Year 2025

**令和７年度就学時健康診断について**

Ang mga pagsusuri sa kalusugan ay isasagawa para sa mga batang papasok sa elementarya sa lungsod para sa susunod na taon.

豊橋市HP就学時健康診断

## Pakay

Ang mga bata na papasok sa elementarya sa susunod na school year (ipinanganak sa pagitan ng April 2, 2019 hanggang April 1, 2020)

## Abiso para sa mga Magulang

Ang mga abiso ay ipapadala sa pamamagitan ng post mail simula September 26 o sa pamamagitan ng mga contact na bata sa inyong distrito ng paaralan.　Kung hindi ito natanggap 2 araw bago ang nakatakdang petsa (hindi kasama ang Saturday, Sunday at holiday), mangyaring makipag-ugnayan sa Health and School Meal Division (Hoken Kyushoku Ka).

## Petsa ng Pagpapatupad

Isasagawa sa October

Ang petsa ng pagpapatupad at simula ng oras ay nag-iiba depende sa paaralan, mangyaring tingnan sa likod ang listahan ng schedule at ang guidance notice para sa mga magulang.

## Lugar ng Pagpapatupad

Itinalagang elementary school

(Elementarya sa distrito kung saan nakarehistro ang address ng bata simula October 1)

・Ang lugar kung saan ipapatupad ay malinaw na nakasaad sa guidance notice**.**

・Bilang isang patakaran, hindi posible na baguhin ang lugar ng medikal na pagsusuri.　Mangyaring magpasuri sa itinalagang elementary school.

・Ang mga nagpalipat ng address bago October 2 ay maaaring sa dating paaralan tumanggap ng pagsusuri. Gayunpaman, para sa mga nasa loob ng mga kondisyon sa ibaba at nagsumite ng "Change of the Medical Examination Site Request Form" bago ang deadline ng aplikasyon ay pinapahintulutan na baguhin ang lugar ng pagsusuri bilang exemption.

① Kung may planong lumipat at kumpirmado na ang address lot at room no.

② Kung may planong mag-apply upang mag-aral sa paaralan sa labas ng distrito.

◆Kung nakatira sa distrito ng Yoshida o distrito ng Miyuki at nag-apply upang mag-aral sa labas ng distrito (Specific Area Adjacent School Selection System) hanggang September 18 (Thursday), hindi kailangang magsumite ng "Change of the Medical Examination Site Request Form" dahil ang napiling paaralan ang itatalaga.

③ Kung may planong mag-aral sa mga paaralang itinuturing na TOKUNINKOU ( limitado sa GEJYOU, SUSE at KAMO elementary school.) at kung tapos na ang pagbisita sa paaralan.

※Para sa residente sa labas ng lungsod, ayon sa alituntunin, pumunta sa munisipyo kung saan nakarehistro ang residente.

**Tungkol sa　"Change of the Medical Examination Site Request Form"**

**Lugar ng pamamahagi ng form at aplikasyon:** Sa lahat ng mga elementary school sa Toyohashi o sa Health and School Meal Division (Hoken Kyushokuka). (Toyohashi City Hall East Building 11th floor)

**Deadline ng aplikasyon:** Simula August 15, 2025 (Friday) hanggang September 16 (Tuesday).

**Aplikante:** Magulang/tagapag-alaga (tumatayong guardian na kasama sa parehong tirahan)

**Kinakailangan na dokumento:** Walang dokumentong kailangan.

※Kung may planong lumipat, mayroong patlang para sa pagsulat ng bagong address.　Kung kaya't hinihiling po namin na maghanda sa pagsulat ng bagong address.

**Mga Karagdagan:**

・Para sa may planong magpalit ng address sa pagitan ng September 19 〜 October 1, 2025, tiyaking magpasa ng dokumentong ito.

※Maaaring sa dating paaralan tumanggap ng pagsusuri kapag hindi nakapagpasa.

・Hindi po maaaring mag-apply sa pamamagitan ng telepono.

・Tanging ang lugar lamang ang maaaring mabago.　Hindi ito isang dokumento na nagpapahintulot na mag-enrol sa isang paaralan sa labas ng distrito.　Mangyaring gawin at kumpletuhin nang magkahiwalay ang ibang mga kailangang pamamaraan para sa proseso.

Board of Education, Toyohashi Schools Division Office – Health and School Meal Division
TEL.: 0532 - 51 – 2815